

Emergency Shelters pag may lindol

Paalala sa paghahanda sakaling may kalamidad

Sa Japan, madalas ang lindol. Mahalaga ang natatanging paghahanda.

1. Lindol

Ang lindol ay isang likas na pangyayari sa ating mundo.

Karamihan sa mga lindol na nagaganap ay nagsisimula sa ilalim ng dagat. Sa ibang kaso, ito ay nagmumula sa bundok gaya ng Himalaya Mountains.

Sa nagaganap na lindol sa buong mundo, 20% ay malapit o sa Japan nangyayari. Dito sa bansa, ang pangyayari ng lindol ay madalas at malimit ay dito ang konsentrasyon.

Bihira din naman ang malakihang lindol na grabe ang pinsala subalit noong March 11, 2011 ang lindol sa Japan ay umabot ng magnitude 9. Ang ganoong kalakas na lindol ay minsanang mangyari sa loob ng sampu o isandaang taon. Subalit sa Japan, ang lindol na may lakas na 5 o mas mababa ay madalas mangyari.

Sa ibang bansa, ang lindol na may lakas na 5, ay itinuturing na malakas na. Dito sa Japan, ito ay madalas na nangyayari. Mga lumang gusali o marupok na instruktura ay maaaring magiba pero bihira mangyari ito.

Kahit hindi gumuho ang mga gusali, mga basag na salamin ang maaaring bumagsak. Kung kaya't sa gitna ng lindol, yumuko at takpan ang ulo ng iyong bag o anumang maaaring proteksyon sa ulo.

2. Emergency shelters

Kapag nasira ang inyong bahay sa lindol, maaaring pumunta sa emergency shelters kung saan may pagkain at pangunahing pangangailangan sa araw-araw na pamumuhay. Ito ay binibigay ng lokal na pamahalaan o mga pribadong mamamayan. Kadalasan, mga paaralan at mga bulwagan na may bubong ang ginagawang silungan.

Sa emergency shelters, ang mga nawalan ng bahay ay sama-samang naninirahan. At dahil sa kanilang situwasyon madalas ay nagkakaroon ng gulo at di pagkakaunawaan. Sa gayon, may mga patakaran na dapat sundin at pairalin para maiwasan ang gulo. Mahalaga ang pagsunod sa mga tuntunin para sa maayos na samahan.

Ang emergency shelters ay maaring gamitin sa pansamantalang panahon lamang. Ito ay binubuksan at ipinapagamit ng ilang buwan o minsan pinakamatagal na ang isang taon.

Mahalagang makabangon at makapagsimulang muli ng panibagong buhay!

Crisis Management and Disaster Prevention Section, Fujimino-shi

Pag-usapan sa pamilya at mga kaibigan ang mga paraan para mailigtas ang sarili sa mga kalamidad na maaring dumating.

Tingnan ang nilalaman ng My Number Notification Card. Ito ay bagong sistema sa Japan

Nagsimula na ang sistema ng My Number, na naglalaan ng 12-digit number sa lahat ng naninirahan sa Japan. Ang notification card, nagsasabi ng numero ng residente, ay pinapadala sa adress na nakalagay sa resident card mula Oktober 5.

Mahalaga ito dahil ang “my number” ay maaaring gamitin bilang identification card at kakailanganin ito sa inyong paninirahan dito sa Japan. Mahalagang maintindihan ang nilalaman ng my number notification card. Tumawag sa FICEC kung may katanungan.

Ang Number Card ay libre at makukuha sa tanggapan sa munisipyo mula January, 2016.

● Paano makukuha ang My Number Card

Sa Oktubre

Isang abiso ang ipapadala na may kasamang return-mail envelope sa bawat pamilya.

Mag aply para sa isyu ng My Number Card. Maari ding mag-aaply gamit ang Electronic application .

Sa January, 2016

Dalhin ang mga kailangang dokumento (notification letter, notification card, identification card) para matanggap ang My Number Card sa tanggapan sa munisipyo.

Tingnan kung ang bagong health insurance card ay natanggap na.

Ang health insurance card ay pinapalitan tuwing Oktubre 1.

Tingnan kung ito ay natanggap na o hanggang sa katapusan ng September.

Siguraduhing mayroon na kayo ng bagong card dahil hindi na magagamit ang lumang card.

Para sa mga katanungan, tumawag sa “Insurance Pension Division” sa munisipyo.

Health checkup sa mga batang papasok ng elementarya

Nagsimula na ang health checkup para sa mga batang papasok ng elementarya sa susunod na pasukan. Isang abiso ang pinapadala simula Setyembre. Kung may anak na papasok at hindi pa natatanggap ang abiso, makipag-ugnayan sa School Education Division ng iyong munisipyo. Maaari ding magsadya sa FICEC kung may hindi maintindihan.

Ang petsa ng health checkup ay maaring magkakaiba depende sa paaralang papasukan ng iyong anak. Alamin ang eskedyul ng health checkup ng inyong paaralan.

FICEC sumusuporta sa proyekto ng Fujimi-shi laban sa pambu-bully



Ang pagtuligsa sa pambu-bully ay hinihikayat sa buong Japan. Sa Fujimi-shi ay nagkakaisa din ang mga grupo laban sa pambu-bully. Gayundin ang FICEC ay sumusuporta din para mapigil ang di kanais nais na gawaing ito. Ang FICEC ay nais din makatulong kung kayo ay may problema kagaya ng pambu-bully. Tulung tulong tayo para mabigyan ng solusyon at matigil ito. Huwag mag atubili at tumawag o magsadya lamang sa FICEC.

National population census, kasama din ang mga banyaga sa Japan

Ang national population census ay ginagawa kada limang taon. Ito ay kailangan para malaman ang laki ng bawat pamilya. Ang mga banyagang nakatira dito ay kasama din sa survey. Ipasa ang survey hanggang October 7. Kung hindi pa ito naipapasa, ipadala sa koreo o ibigay sa imbestigador.